フィリピノ語

# Balitang Iwas Krimen Tungo sa Kaunlaran ng Bayan

No. 169

Ika-2 ng Setyembre 2020
Iwas Krimen tungo sa Kaunlaran ng Bayan
Inhilathala ng Lupon ng Mamamayan ng Shizuoka
Kalihim, Dibisyon ng Ligtas na Pamumuhay at Trapiko
TEL：054-221-3715

### Ang Setyembre 1 ay Araw ng Paghahanda sa Sakuna

## Pag-isipan natin ang paghahanda sa sakuna ngayong Setyembre

Ang araw ng paghahanda sa sakuna ay araw upang palalimin ang kaalaman ng mamamayan pagdating sa pinsala ng bagyo, daluyong bagyo, tsunami at lindol, at para muling makapaghanda sa mga kalamidad.

Gamitin natin ang pagkakataong ito upang maghanda ng mga kagamitan para sa sakuna at i-tsek ang lagay nito. Pag-usapan din ng buong pamilya kung ano ang gagawin kapag naganap ang sakuna.

May pangamba na maganap ang pangalawang pinsala tulad ng sekswal na krimen maliban sa pagkasugat at pagnanakaw ng mahalagang kagamitan kapag patuloy ang pamamalagi sa pansamantalang tuluyan kapag naganap ang malaking sakuna.

Kapag may sakuna, mapanatag ang ating kalooban kung masisiguro natin ang mga hakbang laban sa krimen.

**Pag-aralan nating muli ang mga manwal tungkol sa pag-iwas at paghahanda sa sakuna na inilathala ng Kapulisan!**

〇「*Bōsai Joshi Aka no mamori*」 -Para sa mga kababaihan at kabataan
〇「*Bōsai Joshi Ao no mamori*」 -Para sa mga magpapatakbo ng pansamantalang tuluyan
https://www.pref.shizuoka.jp/police/kurashi/saigai/bosai.html
https://www.pref.shizuoka.jp/police/kurashi/saigai/7languages.html←**Iba't ibang wika**

〇「*Bōsai Chōjugin no mamori*」 -Para sa mga matatanda
https://www.pref.shizuoka.jp/police/kurashi/saigai/documents/ginnomamori.html

## Pagpunta sa Jishin Bōsai Senta!

**Bumisita kami sa binagong *Shizuoka Jishin Bōsai Senta*!!**





**Ang mga makikita rito ay hinati sa ilang bahagi at si *Zero* ay sumali sa pag-ikot sa "Teatro ng *Fujinokuni Bōsai* at lugar para sa lindol at tsunami"!!**



Naranasan ko ang pag-uga mula sa nakaraang naganap na lindo!! Si Zero ay mahigpit na kumapit sa kapitan at halos matumba tumba. Ang aktwal na pag-uga ay maaaring tumagal daw ng hanggang mahigit 3 minuto.



Sinubukan kong tumawag sa "Message Center 171"! Panatag ang loob ko na maihatid ang mensahe na ligtas ako sa aking mahal sa buhay sa oras ng kagipitan.



Nasubukan ko ang pamumuhay sa pansamantalang tuluyan!! Kahit na gawa lamang sa karton ang higaan, matibay ito!
Ganito lang pala kalaki ang lugar kada tao sa pansamantalang tuluyan! ($3.3m^2$)

**Para mapangalagaan ang sarili at ang mga mahal sa buhay mula sa sakuna**

- 「**Alamin**」 ang panganib ng mga kalamidad simula sa lindol sa Nankai trough
- 「**Maghanda**」 para pansarili, para sa kapwa at para sa pampublikong pakikipagtulungan
- 「**Kumilos**」 tayo bilang bahagi ng pamayanan!

Pinagmulan: Guidebook ng Shizuoka *Jishin Bōsai*

※Mayroong paghihigpit sa pagbisita sa pasilidad bilang hakbang sa pagpigil sa pagkalat ng COVID-19. Kinakailangang magpareserba sa telepono：054-251-7100
Para sa detalye ng mga hatid na paglilibot, bisitahin ang website!↓
https://www.pref.shizuoka.jp/bousai/e-quakes/reservation/index.html